



دار زايد للثقافة الإسلامية  
Zayed House For Islamic Culture

# Multi-kulturalismo

Written by: Sheikha al Karbi



800 555



اتصل على  
JUST CALL

P.O Box: 16090, Al Ain, U.A.E  
www.zhic.ae contact@abudhabi.ae

Ang multi-kulturalismo, ito ay bagong salita sa panahon ng pagunlad ng teknolohiya sa 21st century. Ang multi-kulturalismo ay malawak na konsepto na kasabay ng pag-unlad ng mga pamayanan. Ang mga bansa ay nagsatupad ng mga pamamaraan para mapalawig ito.

Ang multi-kulturalismo ay ang pakakaisa sa kabila ng pagkakaiba ng kultura sa isang pamayanan. Dito rinerespeto ng bawat isa ang pagkakaiba nila ng kultura. Ang pagpapahalaga na ito at pagrespeto ay kultura ng bawat isa na kung saan ang isang tao ay tinatanggap niya ang kaugalian, kultura, at salita ng iba. Ito ang magiging dahilan para magkaroon ng pag-unlad, kaya naman isinasatupad ito ng bawat bansa at pamahalaan.

Ang multi-kulturalismo ay magbibigay sa pangangailangan ng bawat tao na mamuhay ng may pagkakaisa para magkaroon ng pag-unlad. Ito ay magdudulot ng kapayapaan at hindi labanan. Ito ang isa sa layunin ng isang makataong pamayanan. Maisasatupad ang multi-kulturalismo sa pamamgitan ng makataong pagtanggap sa pagkakaiba-iba ng bawat isa.

Ang kultura ay may malaking papel para umunlad ang bawat isa at bawat pamayanan. Ang mga iba't-ibang ugali at kultura ay nag-aambag ng iba't ibang kahusayan sa iba't-ibang larangan. Sa isang multi-kulturalismo na lugar ay magkakaroon ng mataas na antas ng pagtutulungan, pagrespeto, at pagkakaisa.

Sa nakaraang limampung-taon, ang UAE ay nagsatupad ng multi-kulturalismo na sistema na kung saan dito matatagpuan ang iba't-ibang kultura, lahi, relihiyon, at iba pa.

Sa gitna ng pagpapatibay ng pagrespeto sa ibang kultura, nakuha ng UAE ang pagmamahal ng mga tao. Kaya naman ninais ng marami na manirahan dito, tumulong sa pag-unlad nito, at manghikayat sa paglikha para maging magandang halimbawa ang UAE sa buong mundo na may multi-kulturalismo at pagkakaisa.